American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN :2378-703X
Volume-5, Issue-11, pp-24-30
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Mga Suliranin at Lapit sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Filipino sa mga Piling Paaralan sa Antas Tersarya

Marilou B. Peñeda
*Visayas State University Tolosa, Philippines*

**ABSTRACT :** Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagtukoy ng mga suliranin sa pagtuturo at mga lapit na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikan sa asignaturang Filipino sa mga piling paaralan sa antas tersarya. Tinukoy rin mula sa mga tagatugon ang mga mungkahing gawain sa pagpapabuti ng pagtuturo ng wika at panitikan. Isinagawa ang pag-aaral sa mga piling paaralan at pamantasan ng Leyte at Samar. Ang mga guro na nagtuturo sa asignaturang Filipino ang naging tagatugon. Qualitative ang pag-aaral na naglalayong matukoy ang suliraning nararanasan at mga lapit na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikan. Semi-structured na mga katanungan ang ginamit sa pakikipanayam upang mapalalabas ang impormasyng kinakailangan. Lumabas na nangungunang suliranin sa pagtuturo ng wika at panitikan ang kakulangan sa kaalaman ng guro sa istrukturang gramatikal sa pagtuturo ng wika. Pumapangalawa ang kakulangan ng kaalaman sa pag-unawa ng iba't ibang pagdulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan. Pumapangatlo ang kakulangan sa kaalaman sa mga makabagong pamamaraan o istratehiyang pampagtuturo; at paggamit ng mga makabagong salita gaya ng jejemon at bekemon. Lumabas din na ang pinakakaraniwang lapit na ginagamit ng mga guro ay ang integrative at sinundan ito ng content-based. Ito ay nangangahulugan na ang baryedad ng mga lapit sa loob ng isang pagtuturo ay mabisa sa pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat ang integrative approach ay pinagsanib at pinaghalong mga lapit at pamamaraan. Ilan sa mga mungkahing gawain upang mapaunlad ang pagtuturo sa wika at panitikan ay nakatuon sa paglinang sa kasanayan ng mga guro sa pagtuturo sa wika at panitikan, pagbuo at pagpapaunlad ng mga kagamitang pampagtuturo at pagbibigay ng mga gawaing pampagkatuto na may kaugnayan gamit ang teknolohiya. Bilang rekomendasyon, umigting pa lalo ang kawilihan ng mga guro na makadalo at makibahagi sa mga gawaing hinggil sa pagpapaunlad ng pagtuturo at paggamit ng mga lapit sa pagtuturo. Nararapat din na taglayin ng bawat guro ang sapat na kaalaman sa paksa at sa mga makabagong paraan ng pagtugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Dapat isaalang-alang ang pagpaplano ng mga tagagawa ng batas o programa ang masinsinang paglinang ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikan at sa mabisang implementasyon nito.

***KEYWORDS :*** *Suliranin sa pagtuturo, Lapit, Wika, Panitikan, Filipino*

## I. INTRODUKSYON

Ang pagtuturo ay isang gawaing pantao na nangangailangan ng malawakang pagpaplano, estratehiya, pakikipagkomunikasyon, pagsasaayos ng organisasyon at mga kagamitan na makatutulong at magagamit sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Samantalang ang mga guro ang siyang pinakamahalagang elemento tungo sa pagkatuto ng isang mag-aaral.

Ang pagtuturo ay matatawag na sining o di kaya ay agham. Ito ay sining sapagkat kasangkot nito ang pagkamalikhain upang agad na matugunan ang mga sitwasyon. Ito din ay matatawag na agham sapagkat ito ay nagtataglay ng sistematiko at organisadong pamamaraan, mga estratehiya, teknik at kakayahang pangkaisipan sa pagtamo ng kaalaman at impormasyon na makatutulong sa ikauunlad ng buhay ng isang mag-aaral.

Ang isang guro ay kailangang may kakayahang umunuwa sa kanyang mga mag-aaral, ang kanyang pangangailangan, pagkahikayat sa pagkatuto at kung paano natututo ang isang mag-aaral. Kailangan din sa isang guro na may sapat na kaalaman sa mga konsepto, teorya at mga prinsipyo sa pagtuturo na nakaaapekto sa pagkatuto, at may kakayahang magampanan ang pagtatamo ng pagkatuto ng bawat mag-aaral at pagkalinang ng tamang edukasyon.

Sa kasalukuyan, ang asignaturang Filipino ay ituturo simula sa Grade 1 sa ilalim ng pagpapatupad ng K-12 na programa. Kaugnay nito ay nilalayong matutunan muna ang wikang Filipino bilang pangalawang wika bago matutunan ang pangatlong wika o iba pang mga wika. Kaugnay nito ay nagbabago ang paraan ng pagtuturo dahilan sa pagbabago ng sistema sa edukasyon at ang kurikulum nito at kasabay nito ay ang

pagbabago sa mga lapit na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo sa kasalukuyang mga mag-aaral at sa modernong panahon.

Ang teorya ng *naturalism* ni Jean Jacques Rousseau ay nagsasaad na ang maunlad na edukasyon ay makakamtan sa pamamagitan ng pisikal na gawain at persepsyon ng kalikasan kaysa sa pamamagitan ng mga aklat. Ang pangunahing kaisipan ng teoryang ito ay ang pag-unlad, karanasan at interes (Khasawneh, 2016). Para sa isang guro, ang isang talakayan ay matatawag na maunlad kung natututo ang mga mag-aaral batay sa mga layunin ng bawat aralin. Sa paglalahad ng bawat aralin, hindi kinakailangan na aklat ang magiging hanguan ng pagkatuto ng mga mag-aaral kundi mas magiging mabisa kung ito ay hango sa inisyatibo ng guro at sa mga gawaing kasangkot ang lahat ng mga mag-aaral. Kaugnay nito ay ang pagkakaroon ng mga gawaing nalilinang ang parehong interes ng guro at ng mga mga-aaral. Ayon din sa teoryang ito, kung ang gagamitin sa pagpapahayag ng sarili ay ang pagiging aktibo ng isang tao, ng kanyang tiyak na interes at kalayaan, ito ay magdudulot ng positibong epekto sa isang tao. Kung nagagawa ng isang guro ang kanyang mga gawain sa loob ng kanyang klase nang may kawilihan at kalayaan para sa pagkatuto ng kanyang mga mag-aaral ay malilinang nang lubusan ang kanyang kakayahan at mahihikayat pa siyang mag-isip at gumawa ng iba pang paraan at lapit sa susunod na kanyang pagtuturo sa iba pang aralin. Ang epektibong paggamit ng lapit, pamamaraan, teknik sa pagtuturo ng isang aralin ay nakahihikayat sa isang guro na gamitin ito uli upang magdulot ng pareho o mas higit pa na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang pagbaba ng katatasan sa wikang Ingles at kaalinsabay nito ang hindi gaanong pag-unlad at pagpapalaganap ng wikang Filipino bilang wikang panturo naging isang malaking usapin at hamon ang pag-aaral sa angkop na dulog at metodolohiya sa pagtuturo ng wika (Maminta, 2001).

Sa pagkakaroon ng epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral, ang isang guro ay inaasahan na may sapat na kaalaman sa paksang ituturo, may kakayahan na masuri ang kinalabasan ng pagtuturo at pagkatuto at ang kalagayan ng institusyon na nagkokondisyon ng pagiging mabisa ng buong proseso. Minsan ang pagtuturo ay nagiging masalimuot. May mga lapit at paraan ng pagtuturo na epektibo sa isang guro ngunit ito ay hindi sa ibang guro. Sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto nagkakaroon ng pagbibigayan na gawain kung saan ang lahat ng may kaugnayan ay nakikibahagi.

Ang mga salik sa Teaching-Learning Interaction (TLI) ay ang guro at ang mga mag-aaral, layunin ng aralin, paksa, setting o lugar, at mga pamamaraan at teknik. Ang mga estratehiya at teknik sa pagtuturo ay tumutukoy sa kung "paano" ang pagtuturo at pagkatuto sa Teaching-Learning Interaction (Cardoso, et al., 2011).

Ang Filipino ay itinuturing na isa sa mga mahirap na asignatura kung kaya't ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng agam-agam sa paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng komunikasyon at sa pag-unawa sa mga paksa. Hindi rin maikakaila na iilan lang ang nakagagamit ng wikang Filipino sa pakikipagkomunikasyon. Maging sa bahagi ng mga guro ay may kahirapan din sa pagtuturo sa asignaturang Filipino sapagkat ang mga mag-aaral ay hindi gaanong handa, hindi buo ang interes at hindi positibo ang pananaw at saloobin sa asignaturang Filipino. Sa panig naman ng mga guro, nagiging mahirap ang pagtuturo ng asignaturang Filipino dahilan sa kakulangan ng batayang kaalaman hinggil sa pagtuturo ng asignatura. Dagdag pa ay patuloy na nagbabago ang sistema ng ortograpiyang Filipino na minsan ay nagpapalito sa iilan at lalo na sa bahagi ng mga guro na dapat ay ang unang makakaalam sa mga bagong kalakaran o sistema. Ang pagkakaroon ng negatibong pagtingin o saloobin ng mga guro sa asignaturang Filipino ay nakaaapekto din sa pagtatamo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Panghuli, sa pagtuturo sa makabagong panahon ay nangangailangan ng bukas na isipan sa pagtanggap sa mga pagbabago sa sistema ng edukasyon at sa pagtuturo.

Sa antas tersarya, mahalaga para sa isang guro ang mapagtagumpayang matamo ang layunin sa bawat araling inilalahad sa kanyang mga mag-aaral. Makakamtan ang pagtatagumpay na ito sa tulong ng sapat na kaalaman sa paggamit ng lapit sa pagtuturo ng wika at panitikan sa asignaturang Filipino. Gayundin ang mga mag-aaral ay magiging matagumpay sa larangang pagkatuto.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagtukoy ng mga suliranin na nararanasan at lapit na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikan sa asignaturang Filipino sa mga piling paaralan sa antas tersarya.

## II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ay naglayong matukoy ang suliranin at lapit na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikan sa asignaturang Filipino sa Antas Tersarya sa mga Piling Paaralan.

Ang mga sumusunod ay ang mga tiyak na layunin sa pag-aaral na ito:

1. Ano-ano ang mga suliraning nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng:
    1. Wika
    2. Panitikan
2. Ano-anong mga lapit ang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Wika at Panitikan?
3. Ano ang gawain na maimumungkahi sa pagpapabuti ng pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Antas Tersarya?

## III. MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang lapit ay ang pagpili at pagtukoy sa nilalaman ng isang disiplina o larangan na ituturo sa pamamagitan ng paggamit ng kabuuang ideya. Ang tuon ay hindi sa maliliit na bahagi ng nilalaman kundi sa malalaking ideya na saklaw ng paksa. Sa pamamagitan nito ay binibigyan ng direksyon ang mga mag-aaral na matuklasan ang mga mga batas o prinsipyo na nakapaloob sa isang disiplina.

Sa pagtuturo o pagkatuto ng Filipino bilang isang asignaturang pangwika na lilinang sa kahusayan sa maunawang pagbasa at pagkilala sa mga tiyak na istrukturang gramatikal sa pamamagitan ng *Teaching GrammarThrough Texttypes (TGTT).* Sa ganitong lapit ng pagtuturo, ang pagkatuto sa istrukturang gramatikal ng wika ay kasabay sa paglinang nang mabisang pagbasa. Ang pag-aaral ng tiyak na istruktura ng wika ay hahanguin sa mga paksang pangnilalaman (Atmaca at Gunday, 2016).

Sa pagtuturo ng panitikan, mahalagang kasangkapan ng isang guro ang kanyang pagkaunawa at pagpapahalaga sa panitikan. Ito ay sa dahilang nangyayari ang paglilinaw sa kanyang mga mag-aaral ng kanyang pagkilala sa kariktan, kasiningan at pagpapahalaga sa mga akda sa kanyang pagtuturo. Kung kaya't kailangan ang iba't ibang pagdulog sa pagsusuri at pagbabasa ng mga akda upang makita ang kasiningan ng isang akda at mapahalagahan ang pagiging malikhain ng isang manunulat. Ang iba't ibang pagdulog na maaaring gamitin ng guro upang maunawaan ng mga mag-aaral ang isang akda. Ito ay ang dulog pormalistiko, moralistiko, sosyolohikal, sikolohikal at marami pang iba.

Sa pagtuturo ng wika, nakatuong higit ang pansin sa pagkalinang ng kakayahang komunikatibo kaysa sa kabatiran tungkol sa wika. Ang kakayahang komunikatibo ay nauukol sa kakayahan sa aktwal na paggamit ng wika sa tiyak na pagkakataon. Sa paglinang ng kakayahang komunikatibo ay kailangan ang kakayahang linggwistika at dimensyong sosyolohikal. Ang isang indibidwal ay may angking kakayahang komunikatibo kung sa kanyang pakikipagtalastasan ay isinasaalang-alang niya ang kaangkupan ng sasabihin sa sitwasyon at nakapipili siya ng angkop na istratehiya at istilo ng pagpapahayag.

Kabilang sina Chomsky, Gumperz, Hymes, Halliday, Campbell, Canale at Swain ang nagbigay ng paliwanag na ang kakayahang komunikatibo ay kakayahang umunawa at gumamit ng mga pananalitang angkop sa kalagayan, pangyayari at gawaing pampaligid at wasto sa aspektong pambalarila (Belvez, 2000). Ang iba pang dulog na ginagamit sa pagtuturo ng wika ay ang dulog gramatikal, sitwasyunal, nosyonal at komunikatibo. Inilahad ni Dell Hymes na dapat isaalang-alang ang mga mahahalagang salik na sosyo-kultural at iba't ibang sangkap sa epektibong pagpapahayag. Ito ay nangangahulugan na sa pakikipagkomunikasyon ay may ugnayan sa pagitan ng tagapagsalita at tagapakinig, tagasulat at tagabasa.

Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pangkalahatang kahusayan sa paggamit ng wika ay magsisilbing mabisang kasangkapan hindi lamang sa mabisang komunikasyon kundi maging sa pag-angkin ng mabisang kasangkapan sa pag-aaral at pagkatuto, pag-unawa at pagpapahalaga sa mga kaalaman, kasanayan at pagpapahalaga sa wika at sa iba pang disiplina ng pag-aaral. Tinukoy nina Canale at Swain ang apat na uri ng kahusayan na bumubuo ng kahusayan ng paggamit ng wika gaya ng kahusayang panggramatika, kahusayang pansosyolinggwistika, kahusayang pandiskurso at ang kahusayang pang-istratehiya.

Ayon kina Acero, et al. (2007), ang pagtuturo ay isang agham na kaugnay nito ang sistematikong proseso ng pagtuturo na pinapatnubayan ng mga teorya, prinsipyo, at mga lapit upang magkaroon ng epektibong pagtuturo. Dagdag pa, ang paggamit ng positibong mga lapit at pamamaraan sa pagtuturo ay hindi nawawala ang atensyon ng bata na nagdudulot ng epektibong pagkatuto.

Napag-alaman sa pag-aaral nina Rada na mahina o mababa ang marka ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa gramatika o wastong gamit sa Filipino. Bagama't sa kabuuang marka, lumalabas na may katamtamang galing *(average)* ang mga kasangkot sa wikang Filipino. Ito ay sa kadahilanang na sa kasalukuyang kalakaran ng pagtuturo, hindi na gaanong napagtutuunan ang pagtuturo ng gramatika at masasabing *incidental teaching* na lamang ito. Inaasahan ang mga mag-aaral na nasa antas na ng kolehiyo ang ay nalinang na ang aspektong ito sa larangan ng kahusayang pangwika upang higit sanang mapaunlad pa ang kognitibong domeyn sa pagkatuto. Ang pag-aaral sa istruktura at gramatika ay napapaloob sa mababaw na antas ng kahusayang pangwika kung kaya't nahihirapan ang mga mag-aaral sa mas malalim na pagkatuto dahil hindi pa lubos na nalilinang ang matibay na pundasyon ng pagkatuto.

Lumabas sa pag-aaral ni Maminta (2001) na sa harap ng mga suliranin ukol sa pagbaba ng katatasan sa wikang Ingles at kaalinsabay nito ang hindi gaanong pag-unlad at pagpapalaganap ng wikang Filipino bilang wikang panturo naging isang malaking usapin at hamon ang pag-aaral sa angkop na dulog at metodolohiya sa pagtuturo ng wika.

Inirekomenda ni Olango (2000) ang *communication arts program* sa epektibong pagtuturo ng pagbasa upang higit na malinang ang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Nabanggit din ng kanyang pag-aaral na ang palagiang suliranin ng mga guro ay ang pagtuturo ng pagbasa sa kadahilanang hindi lahat ng mga mag-aaral ay epektibong tagapakinig, tagapagsalita at tagasulat. Ipinakilala din ang Five-A Approach na binubuo ng apat na A o As (activity, analysis, abstraction, at application). Ang lapit o dulog na ito ay nililinang na ang lahat ng makrong kasanayan sa pakikipagkomuniukasyon.

Lumabas sa pag-aaral ni Zekariya Ozsevik (2010) na may maraming bilang ng mga kahirapan ang mga guro sa Turkey na ipasok ang *Communicative Language Teaching* (CLT) sa pagtuturo ng English sa kanilang mga paaralan. Ang pangunahing dahilan ay ang kakulangan ng oras at kakayahan ng mga guro na makagawa ng mga kagamitan at mga gawain sa pagtututro ng komunikasyon dahilan sa kanilang maraming *workload*.

Lumabas sa pag-aaral nina Rashid, et al. (2010) na ang nangunguna bilang pinakagamiting lapit sa pagtuturo ng panitikan sa mga rural na paaralang sekondarya sa Kelantanin, Malaysia ay ang *information based approach* at *moral philosophical approach*.

Ang mga literatura at mga pag-aaral na nabanggit ay nauugnay sa pag-aaral na ito sapagkat ito ay nakatuon sa pagtukoy ng epektibong lapit na gamit sa pagtuturo sa wika at panitikan. Higit na nakatulong ito sa mananaliksik sa pagbibigay nang malinaw na larawan sa tuon ng pag-aaral na ito.

## IV. INSTRUMENTO AT KAGAMITAN NG PANANALIKSIK

### DISENYO NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay *qualitative* na naglalayong matukoy ang suliraning nararanasan at mga lapit na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikan sa asignaturang Filipino sa mga piling paaralan. Sa pamamagitan ng *semi-structured* na mga katanungan sa panayam ay mapalalabas ang impormasyong kinakailangan sa pag-aaral na ito. Ang disenyong ito ay ang pinakaangkop sa pananaliksik na ito sapagkat nilayong matukoy ang mga lapit na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikan at ang kanilang mga mungkahing gawain ng mga guro upang mapaunlad ang pagtuturo sa asignaturang Filipino.

### Kaligiran ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa mga piling paaralan at unibersidad ng Leyte at Samar. Ang mga paaralan na kasangkot sa pag-aaral na ito ay ang Visayas State University-Tolosa, Leyte Normal University, Eastern Samar State University-Can-avid, Asian Development Foundation College.

### Tagatugon

Ang mga tagatugon ng pag-aaral na ito ay mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang mga kasangkot ay nagtuturo sa Visayas State University-Tolosa, Leyte Normal University, Eastern Samar State University-Can-avid, Asian Development Foundation College. Sa kabuuan, ang mga tagatugon ay binubuo ng walo (8). Sa susunod na talahanayan ay makikita ang kabuuang bilang ng mga populasyon at ang bilang ng mga kasangkot sa pag-aaral na ito.

**TALAHANAYAN I**

KABUUANG BILANG NG POPULASYON AT KABUUANG BILANG NG MGA TAGATUGON

| PAARALAN | KABUUANG BILANG NG TAGATUGON |
|---|---|
| Visayas State University-Tolosa | 2 |
| Leyte Normal University | 4 |
| Eastern Samar State University-Can-avid | 1 |
| Asian Development Foundation College | 1 |
| **TOTAL** | **8** |

### Instrumentong Ginamit

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga tagatugon. Ang intrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga suliranin at mga lapit na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikan sa asignaturang Filipino. Ang mananaliksik ay mayroong tatlong katanungan lamang. Ang unang katanungan ay naglalayong matukoy ang mga suliranin o kahirapan na nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikan sa asignaturang Filipino. Ang ikalawang katanungan ay naglalayong matukoy ang mga lapit na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikan. Ang huling tanong ay naglalayong malaman ng mananaliksik ang kanyang maimumungkahi upang mapaunlad ang pagtuturo wika at panitikan sa antas tersarya.

## V. RESULTA AT PAGTALAKAY

### Mga Suliranin sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan

Ang Talahanayan II ay naglalahad ng mga kahirapang nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikan sa asignaturang Filipino.

**Talahanayan II**

MGA SULIRANIN SA PAGTUTURO NG WIKA AT PANITIKAN

| MGA SULIRANIN NG MGA GURO SA PAGTUTURO NG WIKA AT PANITIKAN | BILANG NG MGA GURONG SUMAGOT |
|---|---|
| 1. Oras na itinakda para sa asignatura. | 2 |
| 2. Kapaligiran ng paaralan. | 1 |
| 3. Kakulangan sa kaalaman sa mga makabagong pamamaraan o istratehiyang pampagtuturo. | 3 |
| 4. Kakulangan sa mga makabagong kagamitang pampagtuturo. | 2 |
| 5. Kawalan ng interes ng mga mag- aaral dahil sa pagdating ng mga makabagong kagamitan na maspinagkakaabalahan ng mga mag-aaral (cellphone, computer,atbp.) | 1 |
| 6. Kakulangan sa bokabularyong Filipino o Tagalog. | 2 |
| 7. Pagdating ng mga makabagong salita na wala naman sa diksyunaryong Filipino (jejemon at bekemon). | 3 |
| 8. Ang mahinang kakayahan ng mga mag-aaral sa pakikinig. | 1 |
| 10. Kamalayang makadayuhan (colonial mentality) | 1 |
| 11. Miskonsepsyon sa gamit ng wika | 2 |
| 12. Pagbibigay ng higit na pansin at halaga sa Wikang Ingles ( oras , gawain , mga proyekto ) | 1 |
| 13. Obsesyon ng guro at mga mag-aaral na makamit ang bentahe sa kahusayan sa wikang Ingles bilang tanging instrumento ng pandaigdigang kompetisyon. | 0 |
| 14. Kakulangan ng kaalaman ng guro sa mga teknik o estratehiya sa larangan ng pagtuturo ng pagsulat. | 2 |
| 15. Kakulangan sa kaalaman ng guro sa istrukturang gramatikal (pagbabaybay,gamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita atbp.) | 5 |
| 16. Di-lubusang paglinang sa kahusayang magamit ang wikang Filipino sa pagtuturo. | 0 |
| 17. Hindi sapat na kaalaman sa pag-unawa ng iba't ibang pagdulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan. | 4 |
| 18. Hirap sa pagtuturo ng mga matatalinghagang salita/pahayag ang guro at mag-aaral. | 2 |
| 19. Kakulangan ng kaalaman ng guro sa paggamit ng mga awtentikong kagamitan sa pag-ases sa kaalaman ng mga mag-aaral. | 2 |
| 20. Hindi nagiging sensitibo ang guro sa suliraning pangwika na matatagpuan sa mga aklat,materyal at maging sa kanyang pananalita na nakapagpapahirap sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa wika at panitikang Filipino. | 2 |

Inilahad sa Talahanayan II na nangunguna ang kakulangan sa kaalaman ng guro sa istrukturang gramatikal (pagbabaybay, gamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita at iba pa) bilang pangunahing suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng wika na lima (5) ang sumagot nito mula sa kabuuang walong (8) kasangkot. Pumapangalawa ang kakulangan ng kaalaman sa pag-unawa ng iba't ibang pagdulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan na may apat (4) na sumagot. At pumapangatlo bilang kahirapan ng mga guro ang kakulangan sa kaalaman sa mga makabagong pamamaraan o istratehiyang pampagtuturo; at paggamit ng mga makabagong salita na wala naman sa diksyunaryong Filipino (jejemon at bekemon).

**Mga Kahirapan sa Pagtuturo ng Wika**

Sa kabuuan ang pangunahing kahirapan ng mga guro sa pagtuturo ng wika ay ang kawastuang balarila, angkop na salita at ang pagtuturo ng bahagi ng pananalita. Nabanggit din na ito ay dahil sa kakulangan ng kaalaman ng mga guro at sa pabago-bagong sistema ng ortograpiyang Filipino.

**Mga Kahirapan sa Pagtuturo ng Panitikan**

Ang pangunahing kahirapan naman ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan ay ang hindi pagkahilig ng kabataan sa kasalukuyang panahon ng pagbabasa ng mga akda. Ito ay nangangahulugan na ang mga guro na nagtuturo sa kasalukuyang panahon ay nahaharap sa mga makabagong suliranin dahilan sa mga makabagong kabataan. Ito ay kailangang pagtuunan ng pansin upang malatagan ng kaukulang solusyon.

**Mga Lapit na Ginagamit sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan**

Ilalahad sa Talahanayan III ang mga lapit na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikan.

**Talahanayan III**
MGA LAPIT NA GINAGAMIT SA PAGTUTURO NG WIKA AT PANITIKAN

| Mga Lapit na Ginagamit sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan | BILANG NG MGA GURONG SUMAGOT |
|---|---|
| 1. Discovery approach | 1 |
| 2. Experimental approach | 1 |
| 3. Performance based teaching | 1 |
| 4. Content based approach | 3 |
| 5. Realismo | 1 |
| 6. Humanismo | 1 |
| 7. Feminismo | 1 |
| 8. Integrative approach | 5 |

Makikita sa Talahanayan III na ang may pinakamalaking bilang ay ang integrative approach na may lima (5) na mga guro ang gumagamit sa kanilang pagtuturo sa wika at panitikan ng lapit na ito. Ito ay tinatawag ding pagsasanib ng mga dulog at pamamaraan. Pangalawa ay ang content based approach na may tatlo (3) sumang-ayon dito at ang iba pa ay may pare-parehong bilang na isa (1). Ito at maaaring mangahulugan na ang baryedad ng mga lapit sa loob ng isang pagtuturo ay mabisa sa pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat ang integrative approach ay may pinagsanib at pinaghalong mga lapit at pamamaraan. Marami pang iba pang mga lapit ang kailangang ipakilala o ipaalam sa mga guro upang magkaroon ng maraming pagpipilian.

**Mga Mungkahing Gawain Upang Mapaunlad ang Pagtuturo sa Wika at Panitikan**

Ang susunod ay ang mga mungkahing ibinigay ng mga tagatugon upang higit na mapaunlad ang pagtuturo ng wika at panitikan. Ito ay makatutulong sa pagkalinang ng isang guro pang magampanan niya ang kanyang mga tungkulin at mga bagay na hinihingi ng kanyang propesyon.

Ang mungkahi ay ang mga sumusunod:

1. Pagkakaroon ng mga gawain sa loob ng klase na naglalayong malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral na magsalita.
2. Pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa ortograpiyang Filipino at pakikibahagi sa mga pagbabagong nagaganap sa paraan ng panghihiram at pagsasalin at iba pang bagong kalakaran.
3. Paggawa ng mga babasahing material, workbook (sanayang aklat). Mas mainam kung ito ay sariling gawa ng gurong nagtuturo ng asignatura sapagkat nasusukat ang kalakasan at kahinaan ng kagamitan.
4. Paglinang ng mga gawaing may kaugnayan sa napapanahong kalakaran/hilig ng mga mag-aaral gaya ICT gaya ng paggamit ng Facebook, sa halip na pagsasaulo (flit top), pick-up lines at iba pa.
5. Higit sa lahat ang lahat ng guro ay nararapat na maging updated sa mga seminar o worksyap hinggil sa patuloy na nagbabagong pagsasalin at panghihiram ng mga salita mula sa ibang mga wika at iba pang mga isyu.
6. Hikayatin ang mga mag-aaral na magkaroon ng mga output based mula sa mga binasang akda.
7. Ang mga guro ay maging bukas sa mga pagbabago at ang pagiging dinamiko.
8. Paggamit ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo gaya ng powerpoint, e-book, Prezi at iba pa. Ang pagbuo ng set ng mga aralin na nakahanda sa powerpoint na para sa isang buong kurso at ang lahat ng mga paksa sa loob ng isang semester ay nakapaloob dito.
9. Ang pagbuo ng modyul na hango sa mga modernong impormasyon o kalakaran na kung saan isinasaalang-alang ang mga mag-aaral na makuha ang kanilang interes at magkaroon ng ganap na pagkatuto.

Ang mga nabanggit na mga mungkahi ay nagpapatunay na marami pang magagawa upang maisulong at makamtan ang epektibo at mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon.

## VI. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Pangunahing kahirapan ng mga guro sa pagtuturo ng wika ang bahagi ng istrukturang gramatikal gaya ng pagbabaybay, paggamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita, pagbabantas, paggamit ng angkop na salita at iba pa. Samantalang ang pangunahing kahirapan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan ay ang kakulangan ng pagkahilig sa pagbabasa ng mga akda ng kabataan sa kasalukuyang panahon. Ito ay malaking balakid sa

pagtalakay ng mga akda at sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa larangang ito. Ang mga guro ay kulang sa mga kaalaman hinggil sa mga lapit at ang paggamit ng mga ito. Ang mga guro sa kasalukuyang panahon ay nahaharap sa mga kahirapan sa pagtuturo dahil sa pagbabago ng panahon at sa makabagong istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga ito ay magsisilbing hamon para sa mga guro sapagkat malaki ang kanyang magagawa upang matugunan ang mga kahirapan o suliraning kasalukuyang umiiral sa pagtuturo o maging sa sistema ng edukasyon.

Hinihikayat na maging bukas at positibo ang isipan at damdamin ng mga guro sa mga pagbabagong nagaganap sa ating kapaligiran at sistema ng pagtuturo. Umigting pa lalo ang kawilihan ng mga guro na makadalo at makibahagi sa mga seminar, webinar o kumperensya lalong-lalo na hinggil sa pagpapaunlad ng pagtuturo at paggamit ng mga lapit na magagamit sa pagtuturo sa kasalukuyang panahon. Sa pamamagitan nito ay malilinang ang mga kakayahan ng mga guro upang mapaunlad ang kanilang pagtuturo at pagharap sa kanilang mga mag-aaral. Nararapat din na taglayin ng bawat guro ang sapat na kaalaman sa paksa at sa mga makabagong paraan ng pagtugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Maaari ring balikan at paunlarin ang kaalaman ng mga guro sa mga lapit sa pagtuturo. Isa din na dapat isaalang-alang ang pagpaplano ng mga tagagawa ng batas o programa ang masinsinang paglinang ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo at iba pang paraan o oportunidad na mailalahad. Dagdag pa, nararapat na magkaroon ng iba pang pag-aaral na masinsinang tutunghayan ang mga detalye kaugnay sa pag-aaral na ito upang magamit sa pagtuturo.

## MGA SANGGUNIAN


[1]. Khasawneh, O., Khaled, A. Momani, A. (2016). The Implications of Naturalism as an Educational Philosophy in Jordan from the Perspectives of Childhood Education Teachers. Journal of Education and Practice.

[2]. Maminta, R.E.(2001). Rosario E. Maminta in Focus: Selected Writings in Applied Linguistics. Quezon City: Philippine Association for Language Teaching.

[3]. Cardoso, A.P., Ferreira, M., Abrantes, J.L., Seabra, C. and Costa, C. (2011). Personal and pedagogical interaction factors as determinants of academic achievement. Procedia Social and Behavioral Sciences.

[4]. Atmaca, H. and Gunday, R. (2016). Using Literary texts to teach grammar in foreign language classroom. Participatory Educational Research.

[5]. Belvez, P. M. (2000). Ang Sining at Agham ng Pagtuturo. Manila: Rex Book Store.

[6]. Hymes, D. (1974). Foundations in Sociolinguistics: An Ethnographic Approach. Philadelphia: University of Pennysylvania Press.

[7]. Canale, M.A. and Swain, M. Theoretical Bases of Communicative Approaches to Second Language Teaching and Testing.

[8]. Acero, V.O., et al. (2007). Principles of Teaching 1. Manila: Rex Book Store.

[9]. Olango, E.C. (2000). The Five-A Approach in Teaching English in the Elementary Grades.Unpublished Colloquium, University of Eastern Philippines, University Town, Northern Samar.

[10]. Zekariya O. (2010). The Use of Communicative Language Teaching (CLT): Turkish EFL Teachers' Perceived Difficulties in Implementing CLT in Turkey. University of Illinois at Urbana-Champaign.